montaggio

Vol. 2 No. 3 October-December 2004

Silent weep

Jen E. Padernal

IS OUR WORLD ABOUT TO END? It's a question that keeps drilling and hunting the deepest darkest corner of my mind. It is weakening, frightening, horrifying to think that the turn of events these past few days, weeks and months are clear manifestations that our world is coming to an end.

Our world will perish. It will fall down into pieces, be torn apart by chaos and hostility - both natural and/or man-made. Flash flood in the Philippines, earthquake in Japan, war in Iraq, Hostage taking in Russia, etc., etc., etc.

I don't know how to contain all these questions, thoughts and horrifying events in my lost and confused mind anymore. Early this morning while browsing some news on the Internet, I happened to go over the news about the recent hostage taking in Russia. I felt like I had a chest pain and I couldn't breathe, my knees shakes and felt weak while I was staring at the photos of the hostage victims and while reading the news. Most of the victims are children, innocent children! Blood splatters all over the school buildings, victims bruised and wounded and there are parts and pieces of human flesh all over the place caused by the explosion. The whole place looked like a slaughterhouse, one might think that only a monster could do such a thing and not a human being with a heart like ours. Terrible, horrifying.

From where I was sitting, inside my office it is as if I can smell the stinky scent of the blood of these people. My stomach felt bad and I feel like vomiting, but I feel more like crying, tears want to run down my face while I am staring at my computer looking at the photos. In my heart it is as if I can feel the grieving and mourning of a mother who lost her child, of a husband who lost his wife and all the other people who lost their loved ones on this tragic event.

No! My eyes can't take it no more! I can no longer stand staring at these photos or go on reading the terrible news, how it all happened, of how wise the insurgents had been in doing the horrible thing. It's like a nightmare to the family and relatives of all those who perished from the siege. If I go on my heart would explode, I would lose my sanity and my tears will fall down from my weakening eyes.

I paused for a moment trying to compose myself. As I stared blank into nothingness, I had a recollection of the news in the Philippines in the past few weeks. It rained hard, there was a storm so strong it's like the nature had gone out on itself and the anger of the wind is whipping half of the country. It's like the storm saying "kneel before me and surrender to me, for I have your life in the palm of my hands."

more on page 6

Saan nga ba nahahati ang dagat at ang langit?

F. Agustin

Saan nga ba nahahati ang dagat at ang langit
Ang bughaw na dagat, ang bughaw na langit?
Isip-tanaw kong hinahabi ang babaw at ang lalim…

Nabasag na kathang buwan ay liwanag
Na dumadampi sa aking pisngi
Habang sa pagkislap ng luha'y
Paghalik sa labi…

Sino ang nagbisig ng buwan at gabi?
Sa aking pagyakap sa kumikinang na kamalayan
Ang dilim ng kalawakan,
Ang pag-asa ng mga bituin,
Ligalig na ngiti sa puso
Kahit katanunga'y di pa rin nasasagot
Isip tanaw kong hinahabi ang babaw at ang lalim…

Isa lamang ang dalampasigan.
Sa kabila ay bughaw din ang kulay
Langit na maabot ang liwanag
Kahit dampi,
Kung iisa lang ang buhay.

Hibang

Lana

Simula ng ika'y aking makilala
Nag-iba ang ningning sa aking mga mata
Buong paligid ko'y laging masaya
Lalo na kung ika'y nasilayan pa

Walang oras na ika'y hindi naiisip
Kasa-kasama ka maging sa aking pag-idlip
Tibok ng puso ko'y halos mapatid
Salitang bibigkasi'y nagkaka-sabit sabit

Lahat ay gagawin, para lang mapansin
Kahit na sa iba'y pangit sa paningin
Ngunit sadyang pintig nitong puso'y di mapipigil
Iisa lang ang sigaw, ikaw aking giliw!

O! kay sarap damhin bawat araw na darating
Kahit di man kita lubusang makapiling
Ang tamis ng iyong mga ngiting walang maliw
Dahilan upang kita'y lubusang mahalin

Dasal ko sa Diyos na ika'y laging ingatan
Alagaan at ilayo sa anumang kapahamakan
Tanging hangad ko lamang ay ang iyong kaligayahan
Saan man tayo dalhin ng ating kapalaran

Ang pag-ibig ay sadyang nakakabaliw
Ang pagmamahal sa buhay ay mahiwaga
Ang pag-ibig at pagmamahal, si Bathala ang may-likha
Salamat sa iyo Poon, Diyos na dakila!

Ang pagtawag ng Panginoon

Michael

Dumating sa buhay ko ang mga gabing halos hindi ako makatulog. Maraming gumugulo at bumabagabag sa isipan ko. Nagtatrabaho nako sa mga panahong yun, kung tutuusin kakaregular ko lang sa pinapasukan ko. Maayos ang lahat at masayang masaya ako sa mga nangyari sa buhay ko. Kaya lang hindi ko alam kung bakit iba ang pakiramdam ko, parang may kulang at parang may bagay akong gustong gawin na hinahanap ko. Isang pagtawag ang naranasan ko sa mga gabing yun. Minsan lang sa buhay ko magtugma ang nararamadam ko at naiisip ko. Naisip kong makapaglingkod sa Dyos upang maging mas makabuluhan ang buhay ko at naramdaman kong ito lang ang makapagpapagaan ng kalooban ko. Naisip ko noon na mapupunan nito ang kakulangan sa buhay ko at ito ang magsisilbing misyon na itinakda para sakin.

Sa unang pagkakataon, nilakasan ko ang loob ko para hanapin ang sarili ko at sundin ang nararamdaman ng puso ko. Biglaan ang mga pangyayari, minsang nagsisimba ako ay nakilala ko ang isang madre na tumulong sakin upang anyayahan ako na dumalo sa isang "search in" na kung tawagin. A discernment seminar wherein it would help you realize your true vocation in life and where God is leading you. It's my first time to attend a search in and it really affected me a lot specially with my desire and passion of serving the Lord. Some say you could serve Him in many ways, but for me this is the best and meaningful way of giving my service. The way of serving Him through His people.

During the search in, I have taken different sets of psychological exam. Nakatanggap ako ng sulat mula sa kanilang vocation office na nakapasa ako sa kanilang huling pagsusulit na kinuha ko at inimbitahan ako sa 3 days live-in orientation nila na kung saan magaganap ang final interview for admission nila sa seminaryo kung saan magdadaan sa maraming pagsubok upang paghandaan ang pagiging religious missionary priest. Society of Divine Word o SVD ang congregation nila na gusto kong pasukan. Nang maganap ang final interview sa huling araw ng paglagi namin doon, maraming katanungan ang ibinigay nila samin. Ito ay tungkol sa personal naming buhay. Kung naaalala nyo pa ang storya ko tungkol sa "ANGHEL DELA GUARDIA", naitanong sa akin ang dahilan ng suicidal attempt ko. Hindi ganun kadaling ipaliwanag sa kanila ang nangyari sakin. Hindi ko lubusang naibigay ang detalyadong pangyayari. Lumabas ang resulta ng application namin at sinabing hindi ako nakapasa sa kadahilanang maari kong ulitin ang pagpapakamatay ko sa loob ng seminaryo. Gumuho ang mga pangarap ko sa mga oras na yun, naglaho ang sayang nararamdaman ko at nabalutan ng kaguluhan ang isip ko. Naitanong ko sa Dyos kung bakit kailangan mangyari sakin yun. Naitanong ko pa sa Dyos kung bakit nya pa ako dinala doon gayung hindi rin pala ako para doon. Nilabanan ko ang naging desisyon nila. Isa sa mga applicant na nakasamo ko dun ay nakita akong kinausap ang isa sa mga naginterview sa amin at dahil dun nagbigay ito ng lakas ng loob at inspirasyon sa kanya upang ireconsider ang application nya. Muling nagkaron ng deliberation sa application namin ngunit siya lamang ang nakapasa samantalang ako ay hindi natanggap. Hindi daw sila makakasiguro kung hindi ko na daw uulitin ang ginawa ko. Ilang araw ang lumipas bago ko natanggap ang lahat at nasabi ko sa sarili ko na hindi pa siguro iyon ang tamang panahon at maaring naging instrumento lamang ako para matanggap ang isa kong nakasamang applicant sa search in. Naging daan ako upang magkaron siya ng lakas ng loob

Lumipas ang mga araw at dumating sa buhay namin ang isang matinding pagsubok. Inatake ng asthma ang panganay kong kapatid at ng dalhin sya sa ospital ay dead on arrival na.

more on page 5



Sa pagitan ng tumatakas na tuwa at kumukubling tuwa...CORAZON...

joey a. arrogante

lalaki at lalaki
lalaki at gay
lalaki at tomboy
tomboy at gay
gay at babae
babae at tomboy
babae at lalaki
babae at babae
sa magkakatambal na ugnayan
saan purong nahuhubog
ang gintong pagkakaibigan?

Sa malalayong tawid-dagat na urbanidad
Sa matataas na kalipunan
Lalo na sa militar
Sa nagbabalang braso at nababasyong kandungan
Ng sundalo ang sundalo
Humihingalay-panaw

Sa mga katutubong datig-pulong ruralidad
Sa mababababang kamalayan
Lalo na sa agrarya
Sa nagtitipunong balikat at naglilipakang palad
Ng kasama ang kasama
Pumipigang-tatag

Kanonisado sa panitikan
Ang pagkakaibigang karanasan
Kung hindi sa mga walang muwang
Sa magkakaparehong kasarian

Si Bacon sa pagkakaibigan (Of Friendship)
Minodelo ang fraternal
Sa punto de vistang heterosekswal
Sa parehong kasarian lamang
    Hindi sa bana at asawa
    May erotisismong namamagitan
    Hindi sa anak at magulang
    May respetong nangingibabaw
Nagdadaop ang tiwalaan

Si Kleinberg sa tiwalag na damdamin (Alienated Affection)
Batay sa pantauhing identidad at sekswal na oryentasyon
Sa matibay na posisyong gay
Naglalaro ang duda
"Y tu mama tambien"
sa fraternidad
sa loob ng lakerum
sa tapat ng mga dutsa
gayundin sa hermandad
paniniwala ni Muncy
likas ang panibugho
sa mga binhi ni Eva
bagamat nagdadamayan sa isa't isa
gaya sa gay at gay
na pinipihong sa habang buhay pa
datapwat namamagitan sa irap at taas ng kilay
ang lalaki sa kompetensya ng kapwa dalaga
sa kapritso ng estado, ng esposo, ng mga anak
ang kapwa kasada

sa tomboy at babae
sa gay at lalaki
sa lalaki at babae
sa tomboy at gay
parang lindol
parang malapit sa pagkagunaw ng mundo
nagkakahiyaan, nagkakalasingan, nagkakasipingan

nahihitik sa perlas, rubi, dyamante
idinuduyan sa mga pakpak ng mga anghel
inuoyayian ng magkikislapang ningning
ng mga bituin ang babae at gay
    hindi sa hangad ng gay,
maliban kung nagdadamit-babae,
na maging babae
sa totoo lang pinakaiiwasan ng mga gay
ang mga babae
na lagi nang nasasayangan
sa nakakapon nilang pagkalalaki
kundi dahil may udyok ang simbuyo
ng pagiging ina
may pait, alat, tamis sa alaala
ng naging manliligaw at asawa
    at nagbibinhi ang posibilidad ng amistad
    hindi sa pagitan ng makakwadrong salamin
    at mesa ni Dr. Jibrin
    na sinisingitan lamang
    ng mga may maiinspirasyong kotasyong bukmark
    ng mga larawan ng dulang buhay
    kundi sa pamamagitan ng tumatakas na tuwa
    sa trahedya ng tagumpay
    at kumukubling tuwa
    sa komedya ng kabiguan
    ni Corazon…
Salamat sa amistad…CORAZON…

Mansanas ni Eva

Loverboy

Isang Eva
sa isang malaki at huwad na paraiso
ang nagpahid ng luha
na pumapatak sa aking mga mata

Isang Eva
ang nag-alok ng prutas:
masarap, parang galing langit
Ang nagbigay sa akin
ng kakaibang kaligayahan…

Pag-asa ba'ng makilala ang isang Eva,
Na humabi sa aking mumunting ngiti at kilig,
sa lupa na nagpipilit na maging paraiso?
Paraiso ba ang makilala ang isang Eva,
sa libo-libong tao sa lupa?
Isa pang Eva…

Isang Eva na bahagi ng aking buhay,
Tulad ng isang anghel na dumaan,
Nagbago ng mundo ko.
Matagal na ba itong iba?
Isang Eva ang salamin na nagpakita sa akin
Salamin ng buhay ko
Iba ba ako? Ito ba ako? Iba na ba ang mundo?
Siguro ako…

Isang Eva ang humingi ng pag-asa tulad ko,
Akala ko'y kaya kong ibigay
Ngunit walang pangakong nasambit ang aking mga labi,
labing dumampi sa langit
ng makilala ko ang isang Eva
Langit nga ba?

Nasaan kaya ako
ng nag-sabog ng konsiyensiya sa mundo?
Isang haplos ni Eva ang naglinis ng dumi sa aking mukha
At isang Eva ang iniwan ko sa lupa
habang ako ay lumipad sa kalangitan
Hindi pa ako handang bumagsak
Lumapag…
Patawad sa aking Eva
(At sa darating pang Eva)

Ang pagtawag... *from p. 3*

Mabuti na lamang at narevive sya ngunit comatose ang naging kalagayan nya. Ilang buwan din syang nasa ospital. Napilitan pa nga naming siyang ilipat sa ibang ospital dahil sa kamahalan ng binabayaran naming doon. Hindi pa sya agad nadischarge dahil malaki pa ang kailangan naming bayaran. Napagdesisyunan nalang nila na ibawas sa sweldo ko ang natitira naming utang. Kalahati ng bayarin sa ospital ang patuloy na binabawas sa sweldo ko hanggang ngayon. Sa pangyayari ito sa buhay ko ay bigla kong naisip na hindi pa talaga napapanahon ang pagpasok ko sa seminaryo. Kailangan pa ako ng pamilya ko sa pinansyal at emosyonal na pagsuporta sa kanila. Lubos akong nagpasalamat sa Dyos dahil sa kasagutang ibinigay nya sakin kung bakit hindi ako natanggap sa seminaryo. Ng mga panahong iyon ko naintindihan ang lahat.

Muling nanumbalik ang kagustuhan kong makapaglingkod sa Dyos. Isang instrumento ang hatid nya mula sa isang estudyanteng dating naging madre ang nag-imbita sakin upang dumalo muli sa search in ngunit sa ibang kongragasyon naman. Columbans Missionary Priest ang bumisita sa lugar kung saan ako nagtatrabaho at personal akong inimbitahan sa kanilang search in. Sinamantala ko na ang pagkakataon upang ibahagi sa kanila ang naging karanasan ko sa unang kongragasyon na napuntahan ko. Naintindihan nila ang sitwasyon ko at sa mga sumunod na search in seminar na nadaluhan ko ay bigla ko nanaman naibahagi ang kwento ng buhay ko ukol sa suicidal attempt ko. Sa kabilang banda, nakaisip sila ng paraan upang hindi maging dahilan ang suicidal attempt ko para hindi ako matanggap sa kongregasyon nila. They refer me to one of their psychologist priest to undergo a counseling session. Binahagi ko muli sa kanya ang mga pangyayaring iyon at matapos nun ay inerekominda naman nila ako sa isang guidance center para kumuha ng psychological tests. Ito ang isa sa makakapagsabi sa kanila kung meron pakong suicidal tendency na makakapekto sa magiging desisyon nila sa pagtanggap sa akin.

Hindi ko masasabi kung matatanggap ako pero isang pag-asa ang nahanap ko ngayon sa bokasyong pinili kong pasukan at harapin. Alam ko na marami pa akong pagsubok na haharapin sa buhay ngunit kasabay nito ang isang aral upang mapalapit ako sa Diyos. Nitong nakaraang ika-4 ng disyembre taong 2004 ay dumalo ako sa sumunod na assessment ng columbans missionary priest para sa pagpasok sa kanilang kongregasyon.

more on page 6

Ang pagtawag... *from page 5*

Nakapasa akong muli at ngayon ay inirekomenda na akong dumaan sa isang panel interview upang malaman ang magiging final decision nila. Isang pag-asa ngayon ang nararamdaman ko sa magiging desisyon nila. Ngunit sa pagkakataong ito mas matatanggap ko na kung anuman ang maging final decision nila. Hindi man ako makapasa nagawan naman nila ng paraan ang kaso ko at kung sakaling hindi talaga ako makapasa, masasabi ko ng hindi ako para sa bokasyon ng pagiging pari. Dalangin ko nalang ngayon ang isang magandang resulta at matanggap ko ng maluwag sa kalooban.. As they say "God only makes happy endings, if it's not happy then it's not yet the end. If I failed to pass in their congregation then God has much better plans for me. Everything happens for a reason and with God's own purpose."

Silent weep... *from page 1*

When the rain finally stopped, everything was smashed up. The great devastation the storm had brought unfolds right before our very eyes. Flash floods devoured many towns and places and left a lot of people homeless, jobless and much worse lifeless. People slept on the their houses' roofs, some at a jammed packed evacuation center. Children getting sicker and sicker everyday. They need food, medicine and clothing.

At that time, while I was watching the news I couldn't help but cry, cry for my country and cry for my fellowmen. Where would they be after all of these? What would happen to them? Would there still be life after these? What does the future holds for them? A very traumatic incident that keeps pounding my heart. For a moment I had wished to be a superhero, so that with just one second I could help them all. But I am no superhero, I am just an ordinary man, and all I could do is to pray for them.

The government is the only institution I know that could help them big time! But nothing, nothing, nothing! It is as if they were all asleep. They do nothing but fight over money and power; others would just sit there parading good looks, other just count money that they get from the struggling country. It's like not even in their slightest dream would they think of helping these people. Nor do they ever notice them? So sad, so bad, so hurtful.

I have seen and read many other news. Earthquakes, flash floods, storms, hurricanes, war. And again I relived the quiet grieving and mourning that I have kept inside. And the news that I was reading earlier on the Internet came back in my mind, I feel like my mind is like a huge television that keeps changing channel.

My heart grew heavy, mourning and grieving. It can no longer stand the horrible existence of bad dreams that's been happening to our world. I am not one of those who lost their children in Russia, or one who lost his parents in an earthquake, or lost a home in a flashflood. No, I am not one of them, but it is as if my heart is one with theirs, I can feel every single bit of what they feel. The mourning, the grieving like a dagger that keeps stabbing my heart, I feel the pain that they feel. My soul is like one with their soul.

Is our world about to end? No! I don't want to think of it, not even in my wildest dream. Though the signs are clear and the truth is right in front of our faces, that what's been happening now are signs that what is written long before in the book of life is starting to have its shape and form.

I don't want to lose hope. God is good and he will never abandon us. Jesus will come to our aide and will save us all. He will fulfill his promise to take us with Him to our God and Father. We will be in a place so peaceful and quiet, where our soul can rest, where we can experience and an undying love and long lasting happiness. But when will this happen? Only God knows when.

In the meantime I will let the wind carry away my silent grief, it will go and how far it will reach, I wouldn't really know. All I want for now is to be free, and for my silent anguish and sorrow to come to an end.

montaggio

Requirements in submitting articles for Montaggio:

1. A contributor should be an employee of De La Salle University-Dasmariñas.
2. The following are published on Montaggio: Original short stories, anecdotes, poems, wise-sayings, reflections, prayers, letters, sketches/drawings/paintings (please inquire, local 3031), inquire for other formats local 3031
3. Article/s should be in soft copy and sent to Marthy Angue via e-mail at newsette@dasma.dlsu.edu.ph. Printed articles will not be accepted.
4. Article/s should not exceed 4 pages and must strictly observe the following format: MS Word Document, double space, font size: 12, font: Times New Roman
5. Article/s should state the contributor's complete name and office for byline and reference purposes. *Example: Dream. Believe. Survive. by* Marthy Angue*, ICO*
6. A contributor may use his/her pseudonym or pen name for byline purposes. However, he/she should indicate his/her complete name and office for reference purposes. *Example: Dream. Believe. Survive. by "*omniskriba*" (*Marthy Angue*, ICO)*
7. Deadline of submission of articles is every 20th of the month.
8. The Institutional Communication Office reserves the right to screen and edit articles submitted for publication.